



Setyembre 13, 2023

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

1215 O Street, MS 8-20

Sacramento, CA. 95814

(916) 651-6309

OCO@dds.ca.gov

Sa kinauukulan:

Isinusumite ng Inland Regional Center (IRC) ang pagsusulatan na ito bilang tugon sa sulat ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (DDS) noong May 5, 2023.

Katulad ng iniuutos, magsasagawa ang IRC ng isang pampublikong input na pagpupulong tungkol sa mga resulta ng Pambansang mga Core na Indikasyon (NCI) para sa mga survey ng NCI Adult na Pamilya, Batang Pamilya, at Guardian na Pamilya sa Piskal na Taon (FY) 2021-22.

Sumusunod ang direktibang ito sa Code ng Pangangalaga at mga Institusyon (W&I) Seksyon 4571(h)(1), na nag-uutos sa bawat sentrong pangrehiyon na taunang magpakita ng datos na nakolekta sa mga survey ng NCI sa isang pampublikong pagpupulong ng namamahalang lupon upang tayahin ang komparatibong performance ng sentrong pangrehiyon at alamin ang mga kinakailangang pagpapaunlad sa mga serbisyo para sa mga Kliyente, kabilang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisong pamamahala sa kaso.

Noong Hunyo 1, 2023, nag-post ang IRC ng isang abiso na nagpapaalam sa mga Kliyente, pamilya, tauhan, at miyembro ng Komunidad tungkol sa hybrid na pampublikong input na pagpupulong kasama ang mga may kaugnayang datos na gaganapin pagsapit ng Setyembre 11, 2023. Nai-post ang abiso bilang isang anunsyo noong Hulyo 31, 2023, sa unang pahina ng inlandrc.org. Nai-post ang pampublikong input na pagpupulong sa mga social media platform ng IRC noong Agosto 28, Setyembre 1, 6 at sa ika-11. Naabisuhan ang DDS liaison ng IRC tungkol sa pagpupulong sa pamamagitan ng email noong Hunyo 8, 2023.

Available ang datos ng NCI para sa Adult na Pamilya, Batang Pamilya, at Guardian na Pamilya para sa FY 2021-22 upang suriin sa inlandrc.org/pahina ng pananagutan.

Isinagawa ang isang hybrid na pampublikong input na pagpupulong noong Setyembre 11, 2022, sa ganap na 6:30 p.m. Dinaluhan ang pagpupulong ng 40 kalahok. Binigyan ng IRC ang mga pamilyang naglalakbay papunta sa pagpupulong mula sa Coachella Valley ng \$50 na card para sa gasolina na ibinigay ng

proyektong Access sa Wika at Kakayahang Pangkultura (LACC). Dinaluhan nang virtual ang pagpupulong ng 4 kalahok. Naroon din nang virtual ang DDS.

Binubuo ang panel ng Executive Director na si Lavinia Johnson, Direktor ng mga Serbisyo para sa Komunidad na si Vince Toms, Program Administrator ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad na si CJ Cook, Direktor ng IT na si Kurtis Franklin, Serbisyo para sa Consumer Technician III Pakikipag-ugnayan sa Komunidad na si George Gonzalez, Espesyalista sa Kultura para sa Bingi at Mahina ang Pandinig (D/HH) ng IRC na si Estefania “Fania” Pena, Espesyalista sa Kultura ng IRC na si Maria “Mari” Rodriguez, Direktor ng mga Serbisyonang Transition na si Eric Hamler, Pangunahing Opisyal sa Pananalapi (virtual) na si Merrissa Steuwer, at 1:40 Tagapamahala ng Caseload ng Programa na si Lilliana Garnica. Ang mga naroon na Miyembro ng Lupon ng mga Katiwala ay sina, Jay Connor, Josuah Souder, at Eric Naranjo.

Ang mga Nakabase sa Komunidad na Organisasyon (CBO) na tumatanggap ng pagbibigay ng pondo para sa Serbisyonang Pag-access at Katarungan na personal na dumalo ay ang, Autism Society Inland Empire (ASIE) at Ives Torres Foundation. Dumalo nang virtual ang Familias First at GANAS.

Nagbigay ang IRC ng serbisyo ng interpretasyon sa Spanish at American Sign Language (ASL) para sa mga dumadalo gamit ang pondo ng LACC. Walang natanggap na kahilingan para sa mga low-frequency na wika. Hindi dumalo ang mga miyembro ng komunidad ng D/HH sa pagpupulong. Labing-apat na mga dudalo ang gumamit ng mga serbisyo ng interpretasyon sa Spanish.

Binigyan ang mga dumalo ng isang PowerPoint presentation sa pagsusuri ng datos ng IRC bilang pagkukumpara sa pinangasiwaan sa nagdaang taon. Pagkatapos ng presentasyon, hiniling sa mga dumalo na magbigay ng input.

Natanggap ang sumusunod na input ng mga dumalo sa bukas na sesyon.

1. Nakakalito ang datos at mukhang hindi updated at skewed.
2. Mga tanong na mukhang “walang saysay” sa Komunidad ng I/DD.
3. Inabot ng dalawang oras ang isang magulang na nakilahok sa NCI at masyadong mahaba ang kaniyang opinyon para sa isang survey.
4. Ipinahayag ng mga magulang na monolingual na nagsasalita ng Spanish o kinikilala bilang isang Latino/Latina sa mga CBO na pinagtatrabahuhan nila na nabastos sila sa mga tanong sa survey ng NCI at proseso.
5. Sinabi ng isang magulang na masyadong komplikado ang mga tanong, at madalas ay sumagot siya ng “iba pa” dahil hindi maipaliwanag ng empleyado ng SCDD na nangangasiwa sa survey.
6. Sinabi ng isang nakilahok sa pagpupulong na “Hindi nauunawaan ng mga taong nagtatanong ang mga itinatanong nila (survey ng NCI). May karanasan akong tao, at hindi ko naunawaan kung ano ang tinatanong nila (survey ng NCI).”

Kinilala ng IRC ang ilang mga positibong trend sa datos. Kilala ng mga na-survey na mga Kliyente ang kanilang Coordinator ng Serbisyo para sa Consumer (CSC) at kayang makipag-ugnayan sa kanila. Higit 60% ng mga na-survey ay naramdamang sila ay pinatiling may alam, sa kanilang pangunahing wika, tungkol sa mga iniaalok na programa at serbisyo. Ang punto ng datos na ito ay nasa linya ng survey ng lingguwistika ng LACC na nakumpleto noong 2022. Panghuli, malapit sa 80% ng na-survey ang nakaramdam na sila ay sinusuporthan at nirerespeto tungkol sa kanilang kultura.

Bilang isang ahensiya, mayroon kaming ilang malaking alalahanin sa survey ng NCI.

- Naniniwala ang IRC na masyadong maliit ang sample size.
- May natatanging hamon ang bawat Sentrong Rehiyon.
 - Lingguwistika
 - Heograpikal na mga hadlang
 - Pagiging available ng vendor
 - Pagkakaiba-iba ng kultura
- Masyadong maraming tanong
- Hindi nakilahok ang komunidad ng Bingi at Mahina ang Pandinig (D/HH).
 - Hindi isinama sa NCI ang mga kliyente/magulang at tagapag-alaga na mga D/HH sa NCI dahil sa kanilang ASL na hadlang.
- Hindi kinatawan ang mga low-frequency na wikang tinukoy ng DDS.
- Hindi sapat na kinatawan ang komunidad ng Iitim, Katutubo, at Mga Taong Iba ang Kulay (BIPOC).
- Mga ulat ng pagiging hindi malinaw, malabo, at kawalan ng kalinawan ng mga tanong.
- Mga ulat ng malabo at hindi malinaw na komunikasyon mula sa SCDD sa simula ng cycle ng survey.

Sinabi ng Espesyalista ng D/HH ng IRC na hindi alam ng komunidad ng Bingi ang survey o ang layunin ng mga ito, maaaring dahil sa limitadong pagsusumikap na maabot. Available ang mga flier tungkol sa survey sa 12 wika, kabilang ang low-frequency na mga wika. Hindi pa rin kabilang ang ASL sa mga marketing material ng survey, kaya hindi ito matatanggap ng mga nakikipag-usap gamit ang ASL, isang spatial-visual na wika na walang pasulat o pasalitang bahagi.

Available ang mga may caption na video tungkol sa survey ng NCI sa website ng DDS pero hindi maa-access nang ayon sa kultura at wika. Halimbawa, walang ASL Interpreter ang video ng impormasyon tungkol sa Adult Personal na Survey na nasa [dds.ca.gov](https://www.dds.ca.gov), wala itong mga closed caption, at sampung taon na ang tanda.

Gayon din, Ingles na caption lamang ang laman ng mga DDS video, na hindi isinasali ang mga D/HH na indibidwal na hindi Ingles o ASL ang unang wika at maaaring umasa sa pagbabasa ng labi bilang tool upang pagandahin ang access. Mahalagang isalang-alang ang pagbibigay ng mga opsyon sa maraming wika na caption o mga alternatibo upang masiguro na maisama ang mga indibidwal na ito. Bilang resulta, gumawa ang IRC ng isang ASL video upang hikayatin ang aming mga Kliyente na lumahok. Bilang karagdagan, pinangunahan ng Espesyalista sa D/HH ng IRC ang isang focus group ng isang komunidad ng Bingi upang tulungan kaming mas maunawaan ang mga hadlang para makagawa kami ng mga paraan upang alisin ang mga ito. Susuriin ang ulat para sa focus group na ito sa pangkat ng Executive Management kapag kumpleto na at isasapubliko sa pamamagitan ng [inlandrc.org](https://www.inlandrc.org).

Maraming mga indibidwal sa komunidad ng Bingi, lalo na ang mga may I/DD, ay nakaharap ng mga hamon sa mga kasanyan sa pasulat at pasalitang wika dahil sa patuloy na hadlang sa lipunan at kultura.

Bilang resulta, maaaring nahihirapan silang lubos na maunawaan ang nakasulat na Impormasyon. Mahalaga na magbigay ng naa-access na mga alternatibo, katulad ng personal na interpretasyon ng ASL, at karagdagang suporta, katulad ng mga visual aid, pinasimpleng wika, o tulong sa pakikipag-usap, upang masiguro ang mabisang komunikasyon.

Maaaring maging hadlang ang kawalan ng kamalayan tungkol sa mga relay services na nagbibigay ng access sa komunikasyon kapag nakikipag-ugnayan sa mga Kliyente ng D/HH at mga pamilya upang sabihan sila tungkol sa survey ng NCI. Kadalasang may dalawang numero ng telepono ang mga binging tao. Ang isa ay mobile number na ginagamit para sa pagpapadala ng text at iba pang mga tool sa komunikasyon; ang isa ay isang video relay service (VRS) na numerong espesipiko para sa mga video relay na tawag. Maaaring gamitin ng mga binging indibidwal ang numerong ito upang kumunekta sa isang sign language interpreter na nangangasiwa sa komunikasyon sa pagitan nila at nakakarinig na tumatawag.

Maraming mga tao ang hindi alam na umiiral ang mga relay service o nakipag-usap na sila sa mga indibidwal na bingi o mahina ang pandinig. Ang ilan ay maaaring kulang sa edukasyon o pagsasanay sa paggamit ng mga relay service, na nagdudulot ng kakulangan sa kamalayan sa mabisang paggamit ng mga serbisyong ito. Karaniwan para sa mga binging tao na bababaan ng tawag ng mga tumatawag na hindi alam ang mga tawag ng relay service.

Magpapatuloy ang IRC na:

- Magpatuloy na itaguyod ang pag-aalis ng mga hadlang sa pagsasali.
- Magpatuloy na gumawa ng may kakayahan sa wikang marketing materials para sa mga Kliyente ng IRC.
- Magpatuloy na magbigay payo, magsanay, at magpaalam ng mga CSC ng NCI.
- Suportahan ang SCDD sa kanilang pagsisikap sa bawat cycle sa pamamagitan ng mga email sa tauhan at suporta sa survey.
- Magpatuloy na gamitin ang pondo ng LACC upang isama ang D/HH at low-frequency na mga wika at kultura.
- Magpatuloy na gumawa ng madaling mabasa na mga marketing material.
- Panatilihin ang Inlandrc.org at lahat ng nauugnay na pahina na nagpapalakas sa Kliyente, magulang, at mga tagapag-alaga sa pamamagitan ng impormasyon.
- Batay sa mga resulta ng NCI - magpapatuloy ang IRC na mag-alok ng mga pagsasanay sa Kliyente at magulang, katulad ng Mga Alternatibo sa Conservatorship.
- Patuloy na magre-recruit, tatanggap, at mag-onboard ang HR ng bagong tauhan upang limitahan hanggat maaari ang changeover ng CSC.

Para sa mga katanungan tungkol sa sulat na ito, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa pamamagitan ng community@inlandrc.org

Gumagalang,

Lavinia Johnson, Executive Director

CJ Cook, Program Administrator ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad

CC: Maureen, O'Connell, Lupon ng mga Katiwala ng IRC, Chair

Ernie Cruz, Deputy Director ng mga Dibisyon ng Serbisyo ng Komunidad ng Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad